
1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpipinta ng Paborito Kong Jeep/Disenyong Pampiyesta



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_ARTS1_Module2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpipinta ng Paborito Kong Jeep/Dekorasyong Pampiyesta**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ana Grace M. Gallardo

**Editor:** Ana Grace M. Gallardo, Alexander G. Barasi

**Tagasuri:** Denis M. Agbayani, Alexander Domingo

**Tagaguhit:** Reynaldo A. Simple, Ana Grace M. Gallardo

**Tagalapat:** Alexander G. Barasi

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Ruby B. Maur
Alexander Domingo
Cherry Grace D. Amin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpipinta ng Paborito Kong Jeep/Disenyong Pampiyesta

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang mga bagay sa ating paligid ay nagsisilbing mga inspirasyon sa paglikha ng disenyo.

Sa mga nakikita nating iba't-ibang bulaklak, mga makukulay na jeepney sa lansangan, parol at mga dekorasyong pampiyesta ay nakakukuha tayo ng ideya sa paggawa ng disenyo.




Nakalilikha din tayo ng mga disenyo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't-ibang geometrikal na hugis.

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakalilikha ng disenyo na hango sa mga bulaklak ng Pilipinas, jeepney, dekorasyong pampiyesta, parol at iba pang geometrikal na hugis na matatagpuan sa kalikasan at sa paaralan gamit ang mga pangunahin at pangalawang kulay. **(Q2/Wks 3-4-A1PR-IIg)**

## Subukin

A. Tukuyin ang sekondaryang kulay na mabubuo ng pinagsamang kulay sa bawat aytem.

1.  ________________
2.  ________________
3.  ________________

B. Bilugan ang mga larawan ng jeep. Kahunan ang mga parol.












C. Gumuhit ng dalawang sariling disenyo. Mamili sa jeepney, bulaklak, parol o dekorasyong pampiyesta bilang mga inspirasyon. Iguhit ang mga ito sa kahon.

| | |
|---|---|
| | |


# Aralin 1

# Pagpipinta ng Paborito Kong Jeep/Disenyong Pampiyesta

## *Balikan*


Pagdugtungin ang kulay sa Hanay A sa kanyang pangalan sa Hanay B

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. | pula |
| 2. | dalandan |
| 3. | bughaw |
| 4. | dilaw |
| 5. | berde |
| 6. | lila |



## *Tuklasin*

Pagmasdan ang larawan. Sagutin ang mga tanong tungkol dito sa **Suriin**.



## Suriin

Ano ang tawag sa sasakyan na nasa larawan? ________

Nakasakay ka na ba nito? ____________________

Anu-anong mga kulay mayroon ito?

_______________________      ________________________

_______________________      ________________________

_______________________      ________________________


Ang jeepney o jeep ay isa sa mga pampublikong transportasyon sa Pilipinas.


Ito ay bahagi ng kulturang Pilipino. Ito ay kadalasang may kaakit-akit at makulay na disenyo.

Ang disenyo ng jeepney ay kadalasang may:



mga hugis na parang banditas


mga ribbon


mga naipintang larawan


Maraming ilaw



mga linya


Iba't-ibang kulay


Nakasaksi ka na ba ng isang piyesta?

Bawat bayan at bawat barangay sa Pilipinas ay nagdiriwang ng piyesta. Nagiging masaya ang pagdaraos ng piyesta dahil sa mga dekorasyon tulad ng mga sumusunod.


banditas



bilao


payong


sombrero


Papel na bulaklak


Ang ating bansang Pilipinas ay mayaman din sa mga iba't ibang uri ng bulaklak tulad ng mga sumusunod.



waling-waling




rosas



gumamela



yellow bell




sampaguita

Ang sampaguita ang pambansang bulaklak. Marami pang ibang magagandang bulaklak ang matatagpuan sa Pilipinas.

Ang mga bulaklak ay may mga iba't ibang itsura, hugis, laki, at kulay. Sa pagmasid sa mga ito nakabubuo tayo ng ating sariling disenyo.

Nakapili ka na ba ng gusto mong disenyo?

Bahagi din ng kulturang Pilipino ang pagsabit ng parol tuwing Pasko. Ang mga parol ay may makukulay at magagandang disenyo.







Pagmasdang mabuti ang larawan ng parol sa ibaba.



May nakikita ka bang mga hugis o geometric shapes sa parol?

Ano-ano ang mga ito?

Makikita ang mga sumusunod na geometric shapes sa parol.


bilog, rhombus, star, triangle


Ang mga geometrik na hugis na nakikita natin sa ating kapaligiran at sa ating paaralan ay makapupulutan din natin ng ideya sa paglikha ng disenyo.

Tukuyin ang mga geometrik na hugis na ito na makikita sa kalikasan.










Tukuyin ang geometrik na hugis na makikita sa paaralan.



Sa pagmamasid sa mga jeepney, mga bulaklak, parol at dekorasyong pampiyesta at mga geometrik na hugis ay nakalilikha tayo nang ating sariling disenyo.

Halimbawa:




Ang disenyo ng jeepney ay may mga geometrik na hugis tulad ng *parisukat, parihaba, at tatsulok*.

Mayroon din itong disenyo na hango sa mga dekorasyong pampiyesta tulad ng *banderitas at ribbon.*

Upang maging mas kapansin-pansin kinulayan ang jeepney ng primarya at sekondaryang kulay.

Tingnan ang larawan.



Ano ang ginagawa ng bata?

___________________________

Bakit kaya niya ito pinipintahan?

___________________________


Ano ang disenyo ng sombrero?

___________________________

Ano ang inspirasyon na ginamit sa larawang ito?

Ano-ano ang mga kulay ang makikita sa larawan?

Pagmasdan naman ang disenyong ito.



Ano ang naging inspirasyon sa disenyong ito?

Ang disenyong ito ay ginamitan ng mga geometrik na hugis, mga bulaklak at mga primarya at sekondaryang kulay.

Ang kulay ang siyang nagbibigay buhay sa mga gawaing sining.


Ang mga bulaklak, jeepney, parol, dekorasyong pampiyesta at mga geometrik na hugis ay nagiging mas kaakit-akit dahil sa iba't-ibang kulay.

Pag-aralan ang dalawang pangkat ng kulay.

| Primarya | Sekondarya |
|---|---|
| pula | dalandan |
| dilaw | berde |
| bughaw | lila |

Pinaghahalo ang mga kulay na primarya upang makagawa ng sekondaryang kulay.


| Primarya | Sekondarya |
|---|---|
| pula + dilaw | = dalandan |
| pula + bughaw | = lila |
| dilaw + bughaw | = berde |



## Pagyamanin

### Gawain 1

Pagmasdan ang larawan ng jeep. Isulat kung ang itinituro na kulay ay primarya o sekondarya.



## Gawain 2

Tukuyin ang inspirasyon sa disenyo sa bawat larawan. Piliin ang sagot sa kahon. Maaaring ang sagot ay higit sa isa.

| | | |
|---|---|---|
| parol | dekorasyong pampiyesta | |
| bulaklak | jeepney | geometrik na hugis |



1.________________




2.______________



3. ______________




4.________________



5.____________________

## Gawain 3

Ang bilao ay isa sa mga ginagamit na dekorasyong pampiyesta. Lagyan ito ng disenyong bulaklak at geometrik shapes upang ito'y maging kaaki-akit.



## *Isaisip*

Ang mga sekondaryang kulay ay nabubuo sa pamamagitan ng paghahalo ng mga primaryang kulay.

| Primarya | | Sekondarya |
|---|---|---|
| pula + dilaw | = | ________________ |
| pula + bughaw | = | ________________ |
| dilaw + bughaw | = | ________________ |

Ang mga bulaklak sa Pilipinas, jeepney at pista ay bahagi ng kulturang Pilipino.

Ang mga geometrik na hugis ay makikita sa ating kalikasan at sa ating paaralan.


Tayo ay nakalilikha ng ating sariling disenyo hango sa mga ito.

## *Isagawa*

**Panuto:** Dagdagan ng ibang disenyo ang larawan ng jeepney. Maaaring lagyan ito ng disenyong bulaklak, dekorasyong pampiyesta, parol o geometrik na hugis.

Pintahan at gawin itong makulay sa pamamagitan ng paggamit ng primarya at sekondaryang mga kulay.

Gamitin ang rubrik sa pahina 14 sa pagtataya.




## *Tayahin*

Ang Barangay Masaya ay magdaraos ng pista. Disenyuhan ang sombrero na gagamiting dekorasyon.

Kulayan ito ng mga primarya at sekondaryang kulay.

Gamitin ang rubrik sa pahina 14 sa pagtataya




## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng Greeting Card. Lagyan ito ng maganda at makulay na disenyo. (gumamit ng bondpaper)

| Rubrik sa Pagtataya | Iskor |
|---|---|
| Natapos sa takdang oras, makulay, gamit ang primarya at sekondaryang mga kulay. Malinis at kaaya-aya. | 96-100 |
| Makulay, gamit ang primarya at sekondarya na mga kulay. Malinis at kaaya-aya. Hindi natapos sa takdang oras. | 91-95 |
| Natapos sa takdang oras. Kulang sa kulay at disenyo. Malinis at kaaaya-aya. | 86-90 |
| Hindi natapos sa takdang oras, (51-75%) kulang ang kulay, at disenyo at hindi malinis at kaaya-aya | 81-85 |
| Hindi natapos sa takdang oras, (50% below) kulang ang kulay at disenyo at hindi malinis at kaaya-aya | 76-80 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining | 70 |

Narito ang rubrik sa iyong mga likhang-sining.

# *Susi sa Pagwawasto*


Subukin

A. 1. lila 2. berde 3. dalandan

B. b. Bilugan ang mga larawan ng jeep. Kahunan ang mga parol.

C. Depende sa karanasan ng bata

Balikan

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. | pula |
| 2. | dalandan |
| 3. | bughaw |
| 4. | dilaw |
| 5. | berde |
| 6. | lila |

Gawain 1

primarya

sekondarya

primarya

sekondarya

sekondarya

primarya

Gawain 2

1. Dekorasyong pampiyesta, geometrik na hugis
2. bulaklak, geometrik na hugis
3. geometrik na hugis
4. bulaklak
5. parol

## *Sanggunian*

Arts 1 MELC Curriculum Guide www.deped-click.com
Arts 1 Teacher's Guide pp. 36-37, 41-48
(note: no photos taken from the websites all photos are original)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph